### 6. Bakanae dulot ng amag

**Sintomas**

- Higit na mataas ang maysakit na palay sa ibang katabing halaman
- Payat at madilaw-dilaw ang dahon
- May tumutubong mga ugat sa parteng itaas ng tangkay

**Pagsugpo**



- Sanitasyon
- Pagbababad ng binhi sa kemikal tulad ng Benlate o iba pang fungicide. Sa kadang isang (1) litro ng tubig, magbabad ng isang (1) kilong binhi.

### 7. False Smut dulot ng amag

**Sintomas**



- Pamimintog ng butil ng palay na naglalabas ng kulay kalawang na pulbos
- Karaniwang naoobserbahan kapag mahalumigmig at may maulang panahon

**Pagsugpo**

- Sanitasyon: pagsusunog at pagtatapon ng apektadong halaman

Hango sa: ***Philippine Rice Research Institute***


**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE—MiMaRoPa**
Information Services Section

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph

(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473

www.ati.da.gov.ph/ati-4b

@atimimaropa






## Pinagsama-samang Pamamaraan (IPM) ng Pamamahala sa mga Peste ng Palayan

### Mga Karaniwang Peste at Pangangasiwa Nito

**1. Panunuyo ng dahon dulot ng baktirya (bacterial leaf blight (BLB) at bacterial leaf streak (BLS))**

**Sintomas**





- Paninilaw at pamumuti ng dahon na nagsisimula sa pinakadulo hanggang sa kumalat sa isa o sa magkaparehong gilid
- Sa grabeng kundisyon, maaaring mamuti nang tuluyan ang buong dahon
- Panunuyo at pagkamatay ng punla

**Pangangasiwa**

- Mahigpit na sanitasyon
- Iwasan ang sobrang paglalagay ng abonong nitroheno
- Siguruhing may maayos na daluyan ng tubig

**2. Pulu-pulong panunuyo sa dahon dulot ng amag (Rice Blast)**

**Sintomas**



- Pahabang pulu-pulong panunuyo sa mga bahagi ng dahon na karani-wang patulis ang dulo
- Maaaring mag-iba ang hugis ng panunuyo: pabilog o kaya'y walang partikular na hugis


**Pangangasiwa**

- Iwasan ang sobrang paglalagay ng abonong nitroheno; hatiin ang pag-lalagay nito.
  ***Halimbawa:*** Sa 10 sakong abonong gagamitin,hatiin ito sa dalawang pagsasabog.
- Magtanim ng may resistensyang uri ng palay .
  ***Halimbawa:*** NSIC Rc354 (Tubigan 28) - malakas ang resistensya laban sa bacterial leaf blight, berdeng ngusong kabayo, puti at dilaw na aksip)
- Gumamit ng kemikal na pagkontrol para sa insektong nagkakalat ng amag

**3. Tungro dulot ng virus**

**Sintomas**

- Pagkabansot ng halaman
- Pamumula/paninilaw ng dahon
- Grupu-grupong maysakit na tanim sa palayan
- Presensya ng berdeng ngusong kabayo sa pa-layan






Berdeng ngusong kabayo

**Pangangasiwa**

- Pumili ng binhi na malakas ang resistensya sa peste
- Maayos na sugpuin ang mga insektong nagkakalat ng virus (insect vectors)

**4. Sheath Blight dulot ng amag**

**Sintomas**




- Nagsisimula sa puno ng halaman malapit sa tubig
- Pabilog na panunuyo sa lapak o leaf sheath
- Abuhin o maputing gitnang bahagi ng natutuyong parte
- Pagkamatay ng mga dahon


**Pangangasiwa**

- Tamang distansya ng mga halaman
- Tamang dami ng abonong nitroheno
- Paglalagay ng mas maraming abonong potash
- Paggamit ng fungicide

**5. Sheath Rot dulot ng amag**

**Sintomas**





- Nakikita ang pamumulok sa dulong bahagi ng lapak
- Ang panunuyo ay hugis pabilog, na abuhin o maputi ang gitnang bahagi
- Maputing malapulbos na amag sa lapak at uhay

**Pangangasiwa**

- Pagsunog ng (dayami) o halamang tinamaan ng sakit
- Tamang distansya ng mga halaman
- Paglalagay ng abonong potasyum sa panahon ng pagsusuwi